ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 5
Marso 7, 2025
www.philippinerevolution.nu



EDITORYAL

Hindi papanglaw ang ningning ng mga rebolusyonaryong bituin

Sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan sa Marso 8, bibigyang-pugay ng Partido ang lahat ng kababaihang tumindig sa karampatang lugar nila sa rebolusyon. Sila ang mga babaeng rebolusyonaryo, kadre, mga Pulang kumander at mandirigma, na bumagtas sa mahirap na landas ng paglaban, kumilos at namuno, at marami'y humawak ng armas, upang kamtin ang matatayog na pangarap para sa paglaya ng kababaihan at buong bayan.

Sila ang mga hindi yumuko o sumuko sa gitna ng matitinding labanan, puspos ng rebolusyonaryong diwa hanggang sa huling hininga. Sila ang mga rebolusyonaryong bituin na habampanahong magniningning.

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay ng Partido sa mga kababaihang namuno sa Partido, sa hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan. Pinararangalan ng Partido ang mga kababaihang naging kagawad ng Komite Sentral na sina Ka Maria Malaya (Myrna Sularte), kalihim ng Panrehiyong Komite sa Northeast Mindanao at Komisyon ng Mindanao; Ka Bagong-Tao (Wilma Tiamzon), pangkalahatang-kalihim ng Partido; Ka Fiel (Eugenia Magpantay), pangkalahatang-kalihim ng Partido; Ka Elay (Helenita Parladis), kalihim ng Panrehiyong Komite sa Eastern Visayas; Ka Lalay (Aprecia Alvarez Rosete), kalihim ng Panrehiyong Komite sa Western Mindanao; Ka Sandy (Josephine Mendoza), pangalawang kalihim ng Panrehiyong Komite sa Southern Tagalog; at Ka Kaye (Sandra Reyes), kagawad ng Komisyon sa Mindanao.

Hindi rin malilimutan si Ka Concha Araneta Bocala, tagapagsalita ng National Democratic Front-Panay at daan-daan pang kababaihang nagsilbing mga kalihim, giyang pampulitika, kumander, mandirigma, duktor at nars ng masa, organisador, propagandista, taguyod, guro at tagasanay, hingahan ng loob at tagapayo, at iba pa.

Ipagdiwang natin ang napakalalaki ambag ng kababaihan sa rebolusyong Pilipino. Pahalagahan natin ang iniuukol nilang talino, sigasig at tikas na nagpapayaman at nagpapatatag sa pakikibaka ng sambayanan. Sa larangan ng pakikibaka para sa bayan at para sa kababaihan, natatamo nila ang kanilang kaganapan bilang tao at kapantay ng mga lalaki. Nilalabanan nila ang kulturang patriyarkal na nagtuturing sa kanilang mahina o mas mababa, at ipinamalas ang aserong paninindigan.

Ang mga babaeng rebolusyonaryo ay pag-asa para sa milyun-milyong kababaihang nagdurusa sa lipunang nagtuturing sa kanilang mas mababa at mas mahina. Huwaran sila para sa mga babaeng sumasahod ng mas mababa at binabagot sa paulit-ulit na trabaho; nagkakayod-kalabaw sa bukid pero hindi ibinibilang bilang produktibo;

mga walang lupa at pinalalayas lupa ng kanilang mga ninuno; nakatali sa gawaing-bahay at pag-aalaga ng asawa't anak pero limitado, kung meron mang boses sa loob ng sariling tahanan; sa mga di makahulagpos sa mga mapang-abusong relasyon dahil sa takot at kawalan ng kapangyarihan sa ekonomya; sa mga napilitang mangibang bansa para may maipakain sa pamilya; sa mga dumaranas ng diskriminasyon sa kasarian; at sa mga biktima ng sekswal na pang-aabuso at karahasan.

Kilalanin natin ang kanilang natatanging kontribusyon bilang mga ina at asawa sa pagbubuo ng mga rebolusyonaryong pamilya at relasyon, sa pagmumulat at militanteng pagtataguyod sa mga patakaran para sa proteksyon ng kababaihan, bata at LGBT laban sa pagsasamantala at pang-aapi. Kilalanin natin ang kanilang papel sa pagtataas ng kamulatan ng kalalakihan at sambayanan kaugnay sa mga usaping pangkababaihan, pagsusulong ng pantay na turing sa kasarian, at pagbubuo ng matatag na sistemang suporta para sa mga kapwa babae.

Pahalagahan natin ang kanilang mga sakripisyo, ang pagtalikod sa kumportableng buhay at pansariling pangarap, ang pag-inda sa maraming kahirapan sa digmaan, at laluna ang matagalang pagkawalay sa sarili nilang mga anak. Sa kabila nito, ang kanilang mga buhay sa pakikibaka ay lipos ng saya at sigla. Hindi mauubos ang mga kwentong magiliw, nakatatawa at nakaiiyak sa karanasan ng mga babaeng nakikibaka. Tulad ng pambihirang mga bulaklak sa gubat, pinakamamahal at pinakaiingat-ingatan sila ng masa at mga kasama.

Sa harap ng tumitinding kahirapan at pagdurusa ng puu-puong milyong pamilya sa gitna ng krisis sa ekonomya bunga ng korapsyon ng rehimeng Marcos, at mga patakaran at programang anti-mahirap at maka-dayuhang kapitalista, patuloy na namumulat ang kababaihan kasama ang buong sambayanan, sa pangangailangang tumindig at lumaban.

Kabilang ang mga babae sa unahang hanay ng mga manggagawa na puspusang nagtatayo ng kanilang mga unyon at iba't ibang samahan. Kabilang sila sa mga nangunguna sa paggigiit sa mga hinaing at kahingian para sa dagdag na sahod, karapatan sa regular na trabaho at mas makataong kundisyon sa paggawa. Kabilang sila sa matapang na naninindigan sa pagharap sa ganid na kapitalista, sa kanyang mga armadong maton at pasistang ahente ng estado.

Nasa unahang hanay sila ng masang maralita na lumalaban sa walang patid na pagtaas ng presyo ng bigas, pagkain, langis, panggatong, gamot, pamasahe at iba't ibang serbisyo. Sila ang mga nanay at anak na nakikipagkaisa sa kanilang mga kapitbahay para batikusin si Marcos at mga pulitiko sa pagwawaldas ng pera ng bayan sa kanilang marangyang buhay at tuligsain ang walang katapusang pangungutang ng gubyerno para pondohan ang korapsyon. Sa mga kampus, kabilang ang kababaihang kabataan sa nagmamartsa sa unahan ng paglaban sa walang awat na pagtaas ng matrikula at gastusin sa pag-aaral, gayundin sa paglaban sa pagpapakapapet ni Marcos sa US at pagkaladkad ng bansa sa imperyalistang gera.

Sa kanayunan, kabilang ang kababaihan sa masang nag-oorganisa at kumikilos laban sa rehimeng Marcos at sa patakaran nito ng todong liberalisasyon na pumapatay sa kabuhayan ng milyun-milyong magsasaka. Kasama sila sa samasamang sumisigaw para tunay na reporma sa lupa, at kagyat na mga kahilingan para ibaba ang upa sa lupa, interes sa pautang ng mga gahaman na usurero at bangko, at presyo ng mga kagamitan sa pagsasaka. Sa ilanlibong barangay na kinokontrol ng militar, matapang nilang binabatikos ang pang-aabuso at karahasan ng mga pasistang sundalo, laluna laban sa kababaihan at mga bata.

Kabilang ang kababaihan sa unahang hanay ng mga kabataang bagong mga Pulang mandirigma ng BHB. Katulad ng naunang mga salinlahi ng kababaihang mandirigma, ipinamamalas nila ngayon ang walang hanggang katapangan sa pagharap sa kaaway, at walang katapusang pagmamahal at pagkalinga sa masang kaisa nila sa hangarin para sa malaya at maaliwalas na bukas. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 5 | Marso 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Hindi papanglaw ang ningning ng mga rebolusyonaryong bituin 1
Editoryal: Ibigay ang pinakamalawak na suporta sa welga ng mga manggagawa sa Nexperia 3
Ang lugar ng kababaihan ay sa rebolusyon! 4
Mga protesta 5
Sibilyang magsasaka, pinaslang ng 82nd IB sa Capiz 5
Kilusan ng mga Pilipino sa ibayong dagat 6
Mga aral ng pag-aalsang EDSA 7
Sa madaling salita 8
Pagtutol sa tumataas na matrikula sa kolehiyo 9
Pagtindig para sa masang Mindoreño 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

EDITORYAL

Ibigay ang pinakamalawak na suporta sa welga ng mga manggagawa sa Nexperia

Noong Marso 5, sabay-sabay na tumigil sa pagtatrabaho ang mahigit 1,300 manggagawa sa Nexperia Philippines Inc at idineklara ang welga sa pagawaan nito sa Light Industry Science Park 1 sa Cabuyao, Laguna. Layunin nilang sama-samang isulong ang kanilang pakikibaka para sa umento sa sahod, pagbabalik sa tinanggal na mga manggagawa, at laban sa pambubuwag ng kanilang unyon.

Ilang taon nang tinitiis ng mga manggagawa sa Nexperia ang kapitalistang pagyurak sa kanilang kagalingan at pagbabalewala sa kanilang mga hinaing. Nagtetengang-kawali ang maneydsment ng kumpanya sa kanilang mga kahingian para sa nakabubuhay na sahod, laban sa pagsisisante at kontra sa mga pag-atake sa kanilang karapatan sa pag-uunyon. Pabor sa interes ng kapitalista, naglabas ng "assumption of jurisdiction" ang Department of Labor and Employment (DOLE) para ipahinto ang anumang balak na welga upang diumano ito ang "mamagitan."

Sa halip, inaalok ng kapitalistang ang mapang-insultong umentong ₱17 kada araw kasabay ang sunud-sunod na tanggalan ng daan-daang manggagawa mula pa 2023. Para magkamal ng palaki nang palaking tubo, pinagdodoble-kayod ang mga manggagawa sa pagtatrabaho. Noong 2024, naabot ng kumpanya ang produksyon ng siyam na bilyong *electronic chips* na ginagamit sa produksyon ng mga sasakyan, kagamitang pangkomunikasyon at iba pa. Nagawa ito sa pagpwersa sa mga manggagawa na humawak ng hanggang apat na makina kada isa, na balak pang itaas sa siyam na makina sa mga darating na panahon.

Hindi maitatatwa ang pangkasaysayang kabuluhan ng welga sa Nexperia. Isa ito sa pinakamalaking welga sa nagdaang ilang taon sa isang kumpanyang pag-aari ng dayuhan. Ang welgang ito ay tuwirang paghamon sa patakarang "no strike" na mahigpit na ipinatutupad sa mga *export processing zone*. Ipinakikita ng kapangahasan ng mga manggagawa ng Nexperia na buhay ang diwa ng paglaban ng mga manggagawang Pilipino. Ipinaaalala nito sa lahat ng manggagawa ang kahalagahan ng pagkakaisa at kapasyahang lumaban para ipagtanggol ang kanilang kagalingan at maka-uring dignidad.

Sumiklab ang welga ng mga manggagawa sa Nexperia sa gitna ng papatinding sosyo-ekonomikong krisis na kinasasadlakan ng buong bansa. Salamin ito ng malawak na diskuntento ng masang manggagawa at sambayanan sa harap ng pagsirit ng presyo ng pagkain at mga saligang pangangailangan at serbisyo, mababang sahod at malawak na kawalan ng trabaho. Milyun-milyon ang inaagawan ng lupa at ng kanilang kabuhayan, at sinasagasaan ng mga dayuhang kapitalista, lokal na malalaking negosyo at panginoong maylupa. Ang welga ng mga manggagawa sa Nexperia, samakatwid, ay nagbibigay boses hindi lamang sa mga manggagawa ng Nexperia, kundi sa buong sambayanang nagdurusa sa ilalim ng mga patakarang pahirap at makadayuhan ng rehimeng US-Marcos.

Ipinamamalas ng mga manggagawa sa Nexperia ang tapang at militansya sa pakikibaka. Pinatutunayan nila na hindi sila yuyuko sa harap ng panggigipit, pananakot at pandarahas ng kapitalista at ng reaksyunaryong estado. Dahil tangan nila ang katwiran at katarungan, hindi sila nagpasindak sa sari-saring panggigipit at pagbabanta ng kapitalista na sila'y sisipain o kakasuhan. Kumukuha sila ng lakas at tibay ng loob sa isa't isa, sa kanilang kapit-bisig na pagharap sa kapitalistang gahaman.

Marapat lamang na manawagan sa lahat ng manggagawa at buong sambayanan na tumindig at suportahan ang welga ng mga manggagawa ng Nexperia. Panahon ito ng pagkakaisa ng mga manggagawa, saan pa mang kabilang na pederasyon o linya ng industriya. Dapat ipabatid sa mga manggagawa, kabilang ang mga nasa empresa sa mga *export processing zone*, na ang pakikibaka ng mga manggagawa ng Nexperia ay pakikibaka rin nila. Ang pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod, makataong kundisyon sa paggawa at karapatan sa pag-uunyon ay kolektibong paglaban ng lahat ng mga manggagawang Pilipino, maging ng mga manggagawa sa iba't ibang dako ng mundo.

Dapat na magbigay rin ng suporta sa welga ng mga manggagawa ng Nexperia ang iba't ibang demokratikong sektor. Dapat dalhin ang kanilang mga isyu sa pinakamaraming kampus, komunidad, upisina at simbahan, upang kunin ang malawak na suporta ng buong sambayanan. Tipunin ang pinakamalawak na suportang materyal at moral para sa mga manggagawa ng Nexperia. Ang tagumpay ng kanilang welga ay tiyak na magsisilbing inspirasyon para pukawin ang mga manggagawa at iba't ibang uri at sektor na tumindig at lumaban sa pang-aapi at pagsasamantala.

Habang nagbibigay-pugay tayo sa tapang ng mga manggagawa ng Nexperia sa militanteng pagsulong ng kanilang mga demokratikong kahingian at interes, dapat din nating ilawan ang landas ng mas malawak na pakikibaka laban sa lahat ng anyo ng pang-aapi sa masang anakpawis at buong sambayanan. Ipakita natin kung papaanong ang pakikibaka ng mga manggagawa ng Nexperia ay nakakawing sa pangkalahatang rebolusyonaryong pakikibaka para wakasan ang bulok at mapang-aping sistema. AB

Koresponsal

Makibaka para mabuhay!



Dahil pakyawan sa plantasyon ng kapehan, tulung-tulong sa pag-ani ng kape ang pamilyang Lupao. Kailangang mabilis na tapusin ni Lydia, ng kanyang asawa at tatlo nilang anak ang 7-ektaryang kapehan. Kinakaharap ni Lydia ang bantang matanggal siya sa listahan ng 4Ps kung hindi niya ibabalik sa eskwelahan ang mga anak na katulong nila sa kabuhayan.

Pinag-aaplay naman muli si Tess sa kanyang kampanyang pinapasukan ng halos dalawang taon bilang mananahi. Ito ang tugon ng manedyer sa kanya matapos siyang humingi ng *maternity leave* para sa panganganak sa susunod na buwan. Labis ang pangamba ni Tess na mawalan siya ng hanapbuhay, lalo't magiging solong magulang siya.

Nasunugan naman sina Rosario, nanay ng 6-taong paslit at 1-taong sanggol. Ang tingin ng mga myembro ng kanilang maralitang samahan, sinadya ang sunog para palayasin sila sa komunidad. Nabubuhay lamang ang kanyang mag-anak sa kakarampot na kita ng asawa niyang pumapasada ng pedikab. Nakasilong sila sa *evacuation center* na binabaha tuwing bumabagyo.

Isang masahista si Kris, isang *transgender*, sa isang maliit na *spa*. Sa nakakaubos lakas na trabaho niya, wala sa minimum na sahod ang suma tutal ng kumisyong isinasahod ng kanyang amo. Sagot niya ang bayarin sa SSS at Philhealth. Walang ibinibigay na proteksyon sa kanya kahit ilang beses na siyang nangamba sa mga kliyenteng humihingi ng "espesyal na serbisyo."

Ito ang iba't ibang mukha ng kababaihang Pilipino. Hindi mapagkakaila ang tindi ng iniinda nilang hirap at sakripisyo. Kayod kalabaw nilang itinatawid ang kanilang mga pamilya pero mayorya sa kanila ay itinuturing na "hindi produktibo." Mahigit kalahati sa kababaihan ay hindi ibinibilang sa "pwersa ng paggawa." May mga batas at programang pangkababaihan na magandang pakinggan pero sadyang walang ngipin at walang saysay sa harap ng malawakang kalapastanganan dinaranas ng mga kababaihan.

Sa buong daigdig, dumaranas ang kababaihan ng dobleng kaapihan sa harap ng malawakang disempleyo at mababang sahod. Mas marami ang mga babaeng walang hanapbuhay. Tumatanggap sila ng mas mababang sahod kumpara sa mga lalaking manggagawa. Mas mapaminsala ang hambalos sa kanila ng delubyo ng *climate change* at mga digmaan. Tumitindi ang dinaranas nilang karahasan sa *human trafficking*, pornograpiya, prostitusyon, bentahan ng bata, kabilang ang dumadaan sa *social media* at iba pa.

Ang dinaranas na kaapihan ng kababaihan ay lalo pang matindi sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Nakapatong sa pundamental na suliranin ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, dagdag na kinakaharap ng mga kababaihang Pilipino ang iba't ibang mga porma ng pyudal at burges na patriyarkal na sistema.

Sa harap ng umaalimpuyong krisis sa ekonomya, pulitika at kultura, nasaan dapat ang kababaihan? Sa gitna at unahan ng pagsusulong ng rebolusyong tunay na babago sa kanilang kalagayang pinagsasamantalahan at inaapi. Ito ang pinatunayan ng ilang dekada ng praktika ng rebolusyonaryong kilusang kababaihan sa Pilipinas sa pangunguna ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka) na ginagabayan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ipinakita ng Makibaka na kabilang sa hanay ng rebolusyon ang kababaihan, pati na ang mga LGBTQ, at maging ang mga bata.

Sa kanayunan, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay itinatayo na mahigpit na katuwang ang kababaihan sa pamamagitan ng mga lokal na balangay ng Makibaka. Hindi matatawaran na sa pag-abante ng papel ng kababaihang magsasaka sa pulitika, bitbit nito ang mga pang-ekonomyang ganansya ng mga lusong (bayanihan), samahan sa sakahan at mga kooperatiba. Maging sa aspetong kultural ay pinalalaganap nito ang demokratisasyon sa loob ng pamilya, makamasang paggagamot at pagpapakilos sa mga bata para sa alternatibong kultura at edukasyon.

Sa kalunsuran, isinusulong ng MAKIBAKA ang paggigiit sa mga demokratikong kahingian, kapakanan at karapatan ng kababaihan, bata at LGBTQ sa kilusang masa. Puspusang nilalantad at nilalabanan ang kabulukan, kainutilan at pasismo ng naghaharing sistema dahil sa masikhay na pag-ambag ng kilusang kababaihan sa mga pagawaan, paaralan, komunidad, upisina, simbahan at kung saan pang lugar kung saan naroon ang kababaihan. Iniaambag nila ang kanilang tinig sa sigaw ng sambayanan para sa pambansang kalayaan mula sa dayuhang paghahari at pang-aapi.

Nais ng imperyalismong US na sagkaan ang paglahok ng kababaihan sa rebolusyon at sapawan ang

Sundan sa pahina 5



***Walk-out* sa UP Baguio.** Tinatayang 1,200 mga estudyante, guro at empleyado ng University of the Philippines (UP)-Baguio ang lumahok sa isinagawang *walk-out* noong Pebrero 26 para sa mataas na pondo sa edukasyon, *transparency* sa badyet, at pananagutan ng administrasyon. Pinakamalaki ang demonstrasyon na ito sa nagdaang ilang taon sa UP Baguio. Sa pangunguna ng Alliance of Concerned Students (ACS), binatikos nila ang maling paggamit sa pondo ng unibersidad na nailantad noong Disyembre 2024 sa Commission on Audit 2023 Annual Audit Report.

Indak-protesta ng kababaihan. Nasa 1,000 kababaihang manggagawa ng Southern Tagalog ang nagtipon sa Laguna para ilunsad ang indak-protesta na bahagi ng kilusang One Billion Rising noong Marso 2. Pinangunahan ng Women Workers United (WWU) ang aktibidad na nanawagan para sa pagwawakas ng karahasan sa lugar ng paggawa, pagtataas ng sahod sa nakabubuhay na antas, regular at disenteng trabaho, akses sa pampublikong serbisyo at karapatan ng mga manggagawang mag-unyon.

30 taon ng Philippine Mining Act. Nagprotesta sa paanan ng Mendiola sa Maynila ang mga grupong makakalikasan sa ilalim ng Kalikasan PNE at iba pang mga progresibong grupo para ipanawagan ang pagbabasura sa Philippine Mining Act of 1995 sa ika-30 taon nito noong Marso 3. Dala ng mga nagprotesta ang isang mapa ng Pilipinas na nagpapakita kung nasaan ang pinakamalalaking minahan sa bansa at ang mga dinastiya sa pulitika na nagmamay-ari ng mga to.

Atin ang 15-kilometro. Nagkaisa ang higit 100 mangingisda, akademiko, mga estudyante at taong-simbahan ng Iloilo sa pagbubuo ng alyansang Aton ang Kinse Kilometro noong Marso 3 para ipagtanggol ang karapatan ng maliliit na mangingisda sa 15-kilometrong *municipal water*. Dumalo at nakilahok sa pagtitipon ang mga kasapi ng Pamalakaya mula sa Panay.

Sibilyang magsasaka, pinaslang ng 82nd IB sa Capiz sa pekeng engkwentro

PINASLANG SA PAMAMARIL ng mga tropa ng 82nd IB sa Barangay Minan, Tapaz, Capiz noong Pebrero 26 ang magsasakang si Peter Agudes, kilala rin bilang "Tito." Dalawa pa niyang kasamahan ang nasugatan. Pinalalabas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na napatay si Agudes sa armadong engkwentro sa pagitan ng mga sundalo at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Mahigpit na pinasinungalingan ni Perla Agudes, asawa ng biktima, na mga Pulang mandirigma ang tatlo. Hustisya at patas na imbestigasyon ang panawagan ng pamilya. Nakatira ang pamilyang Agudes sa Sityo Taroytoy, Barangay Manica, Libacao, Aklan. Naulila ni Peter ang kanyang tatlong anak na edad 10, 13 at 16 taong gulang.

Masaker. Walang-awang minasaker ng mga sundalo ng 26th IB ang mag-anak na Toto Gomansil, Toni Gomansil at kanilang anak na si Celine Gomansil sa Dayuman River, Barangay San Vicente, Esperanza, Agusan Del Sur noong Disyembre 15, 2024. Ilang buwan matapos ang karumal-dumal na krimen ay wala pa ring hustisya at napapanagot sa masaker.

Bago ang krimen, nagpaalam pa ang pamilya Gomansil sa mga sundalong nakadeploy sa malapit na detatsment para magtrabaho sa kanilang sakahan. Sa kabila ng kanilang "pagpapaalam," sinundan sila ng mga sundalo at iginapos ang mag-asawang Toto at Toni. Ipinailalim sila sa matinding interogasyon bago tinaga at pinaslang. Si Celine ay pinagbabaril naman ng mga sundalo nang tumakbo. Pinaratangan silang nakikipag-ugnayan sa BHB at rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya.

Terorismo sa himpapawid. Troma at takot ang idinulot ng istraping ng mga helikopter ng militar sa mga barangay ng La Paz, Agusan del Sur at Cabanglasan, Bukidnon noong Marso 4. Sa pagdadahilang suporta ito sa pag-atake ng AFP laban sa hukbong bayan, walang patumanggang namaril ang mga helikopter na nakaapekto sa mga sibilyan. Nagpadala rin ang mga sundalo ng FA50 *fighter jets* na may kargang 250-lb o 500-lb mga bomba na gagamitin sana ngunit napaatras nang nawala ang isa sa tatlong *jet fighter*.

Mula sa pahina 4

diwang mapanlaban ng kilusang kababaihan. Gamit ang USAID, World Bank, Asian Development Bank, United Nations at iba pang instrumento, pinakukulo at itinutulak ang mga programang gumagamit ng mga mabubulaklak na salitang “inclusion,” “safe spaces,” at “peace zones para sa mga bata.” Layunin ng mga “adbokasiyang” ito na labusawin ang usapin ng pambansang pang-aapi at maka-uring pagsasamantala bilang ugat ng dinaranas na kaapihan ng mga kababaihan, ilayo sila sa reboluyonaryong landas ng pagbabago at dalhin sila sa landas ng repormismo, ligalismo at NGOismo.

Sa harap nito, dapat lalong ipakita sa malawak na masa ng kababaihan na ang kanilang paglaya mula sa iba’t ibang anyo ng pang-aapi ay matatamo lamang sa larangan ng armadong pakikibaka. Sa nagdaang ilang dekada, binagtas ng kababaihang Pilipino ang landas ng armadong rebolusyon, at nag-ambag ng talino at buhay bilang mga Pulang mandirigma at kumander ng Bagong Hukbong Bayan at mga lider at kadre ng Partido.

Tulad nina Lydia, Tess, Rosario at Kris, naghihintay ang malawak na hanay ng kababaihan na angkinin ang kanilang lugar sa rebolusyon. Higit na kritikal ngayon sa kababaihan, lalo na ng kababaihang anakpawis, ay magpursige sa pagmumulat, pag-organisa at pakikibaka. Kailangang mahigpit na tanganan ang mga prinsipyo ng rebolusyonaryong kilusang kababaihan at iwagayway ang bandera ng pambansa-demokratikong kilusan. AB

Pagpapalakas sa kilusan ng mga kababayang Pilipino sa ibayong dagat

Nagtipon kamakailan ang ilampung mga myembro ng Compatriots para idaos ang makasaysayang kumperensya ng kilusang migranteng Pilipino. Kinakatawan ng rebolusyonaryong samahang Compatriots ang espesyal na sektor ng mga migranteng Pilipino sa National Democratic Front of the Philippines.

Sa balangkas ng kilusang pagwawasto, pinagtibay ng Compatriots ang tungkulin nitong organisahin at pakilusin ang mga kababayang Pilipino para sa pambansa-demokratikong rebolusyon, saan man sila sa mundo. Umaabot sa 15 milyon ang migranteng Pilipino, kabilang ang milyun-milyong temporaryong manggagawa sa mababababang klase ng trabaho. Kada araw mula 2023, umabot sa halos 10,000 Pilipino ang araw-araw lumalabas sa bansa dulot ng kasalatan ng lokal na trabaho, kawalan o hindi sapat na kita at napakababang sahod, pangangamkam ng lupa at kabuhayan. Sa pamamagitan ng patakaran sa pag-eksport ng paggawa, isinasakripisyo sila ng reaksyunaryong estado parang ibsan ang krisis sa empleyo ng bansa. Hinuhuthutan sila ng milyun-milyon sa anyo ng mga singil sa batayang serbisyo na hindi naman nila natatamasa.

Sa dayuhang mga bansa, iniinda nila ang pang-aabuso, paglabag sa kanilang mga karapatan sa paggawa, rasismo o diskriminasyon sa lahi, karahasan at napakataas na gastos sa migrasyon. Wala silang mga proteksyon, laluna ang kababaihang manggagawa na nasa mga trabahong pinakabulnerable sa abuso at krimen.

Pinag-aralan ng Compatriots ang pagsusuma sa higit apat na dekadang rebolusyonaryong gawain sa hanay ng mga migrante at humalaw ng mga aral sa mayamang karanasang mula sa mga ito. Binalik-aralan nito ang mga aral ng una at ikalawang dakilang kilusang pagwawasto para ilugar ang panawagan ng kasalukuyang kilusang pagwawasto laban sa suhetibismo, konserbatismo, ultrademokrasya at burukratismo.

Pinag-aralan din sa kumperensya ang mga panlipunan at maka-uring pagsisiyasat (SICA o *social investigation and class analysis*) ng inihanda ng mga komite nito sa iba't ibang bansa at kontinente. Gamit ang mga ito, nasagot at nalinaw ng Compatriots ang kagyat na mga tanong hinggil sa sektor at naitakda ang mga patakaran sa pagpapalawak at pag-oorganisa.

Para isulong ang interes ng mga Pilipinong migrante, binigyang-diin ng Compatriots ang pangangailangang buuin ang mga organisasyon sa kanilang hanay para isulong ang kanilang mga demokratikong karapatan, kabilang ang karapatan sa trabaho at mga proteksyong panlipunan sa mga bansang pinagtatrabahuan. Tiniyak din nito ang pag-oorganisa sa lihim na mga organisasyong masa na magsisilbing katuwang ng Partido sa pamumuno sa kilusang migrante, pagpapalakas ng kilusan ng migranteng manggagawang Pilipino at malawak na multisektoral na patriyotikong kilusang masa ng mga Pilipino sa iba't ibang bansa. Tinatanaw ng Compatriots na sa paglakas ng mga kilusang ito, lalaki pa ang maiaambag nito sa anti-imperyalistang pakikipagkapatiran, gayundin sa pagsusulong ng internasyunal na proletaryadong rebolusyon.

Mahigpit na nakaugnay sa kalagayan ng mga migrante ang usaping kinakaharap ng mamamayan sa Pilipinas, tulad ng barat na sahod ng mga manggagawa at kawalan ng lupa, kabulukan ng mga burukrata-kapitalistang naghahari sa estado at pagkubabaw ng imperyalismong US sa lipunang Pilipino. Kung papipiliin, mas gugustuhin nilang manatili sa bansa kasama ang kanilang mga mahal sa buhay. Habang nasa labas ng bansa, pinakahangad nilang makauwi sa inang bayan.

Bilang mga Pilipino, kinikilala ang mga migrante bilang bahagi ng pambansang kilusang mapagpalaya. Ang solusyon sa kanilang migrasyon ay ang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Hamon sa Compatriots ang pagpapalakas ng kilusan laban sa mapagsamantala at mapang-aping papet na reakyunaryong estado sa Pilipinas at pagpapalawak ng suporta sa matagalang digmang bayan sa gitna ng tumitinding pasismo sa mundo.

Tinatanaw ng Partido at ng mamamayang Pilipino ang maramihang pag-uwi ng mga migrante sa Pilipinas para lumahok sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, laluna sa larangan ng armadong pakikibaka, para sa pagpapanday ng lipunang tunay na malaya, demokratiko at masagana. AB



Panghawakan ang mga aral ng pag-aalsang EDSA

Sa okasyon ng ika-39 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, nagpaalala ang National Democratic Front of the Philippines sa mahahalagang aral nito at sa pangangailangang lubusin ang mga nakamit nito sa pamamagitan ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Kinilala ni Elias Dipasupil, pangkalahatang kalihim ng NDFP, ang natatanging papel ng pag-aalsang EDSA sa kasaysayan ng mamamayang Pilipino. Binuo nito ang pagkakaisa ng iba't ibang grupo, mula sa sinsero hanggang sa may sariling adyenda, para patalsikin ang isang diktador. Ang lawak at pagkakaiba-iba ng mga pwersa ang nagbigay dito ng lapad at lakas, pero ito rin ang dahilan kung bakit naging bulnerable ang kinahinatnan ng pag-aalsa sa distorsyon at kooptasyon.

Matapos ang halos apat na dekada, nananatiling lubog sa kahirapan ang bansa, pinaghaharian ng mga burukratang kapitalista at kanilang imperyalistang amo. Nakabalik na sa Malacañang ang pamilyang Marcos at namamayagpag sa kapangyarihan. Nitong nagdaang dalawang taon lamang, siyam na kaso kaugnay sa nakaw nilang yaman ang napabasura sa Sandiganbayan. Nadagdagan na rin ang kanilang nakopong pondo ng mamamayan sa anyo ng *intelligence and confidential funds*, *unprogrammed funds*, Maharlika Investment Fund at marami pang katulad na daluyan ng korapsyon.

Gayunpaman, nananatiling makabuluhan ang pag-aalsang EDSA at mga aral nito sa paglaban sa tiraniya. Mahalagang paalala ang pag-aalsa sa pangangailangan ng masikhay at puspusang pagmumulat at pag-oorganisa. Hindi napatalsik ang diktador sa tatlong araw lamang noong 1986. Sa 14 taon bago ito, ipinundar sa kalunsuran ang mga lihim na organisasyon hanggang kinaya ng mamamayan na maglunsad ng papalaking hayag na pagkilos para basagin ang teroristang lagim. Sa kanayunan, inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang armadong paglaban para labanan ang matinding militarisasyon, kaakibat ang mga pakikibakang magsasaka para isulong ang kanilang hinihinging tunay na reporma sa lupa.

Higit sa lahat, mahalagang aral ang pangangailangang lubusin ang karanasan ng pag-aalsang EDSA laban sa tiraniya hanggang makamit ang rebolusyonaryong pagbabago at pagbubuo ng isang tunay na demokratikong gubyernong bayan na hinahangad ng mamamayan.

Pagsasabuhay sa diwa ng EDSA

Noong Pebrero 25, sa mismong anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, nagtipon ang 10,000 sa paanan ng Our Lady of EDSA shrine sa Mandaluyong City sa Metro Manila. Nagsanib pwersa sa pagtitipong ito ang Tama Na Alliance, Bagong Alyansang Makabayan, One Taft Alliance, Duterte Panagutin Network, estudyante, manggagawa, taong simbahan at marami pang iba.

Nagkaisa sila para mariing ipaabot sa rehimeng Marcos ang kanilang panawagan laban sa korapsyon at kawalang pakundangan. Gayundin, ipinanawagan nila ang kagyat na pagpapatalsik kay Sara Duterte, ang bise-presidente ni Ferdinand Marcos Jr.

Nagkaroon ng katulad na mga protesta sa syudad ng Baguio, Tuguegarao, Naga, Bacolod, Iloilo, Roxas, Capiz, Cebu at Davao na nilahukan ng mga myembro ng lokal na organisasyon sa ilalim ng Bayan at progresibong partido tulad ng Bayan Muna at Kabataan Partylist.

Mahigit 70 paaralan ang nagdeklara ng walang pasok para bigyan ng pagkakataon ang mga estudyante, guro at mga akademiko na lumahok sa iba't ibang aktibidad sa paggunita ng pag-aalsa.

Sa Metro Manila, daan-daang estudyante ang nag-*walk-out* sa kanilang mga klase, kabilang ang mga mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines.

Nag-*walk-out* din ang mga estudyante ng UP-Los Baños at Cavite State University, habang nagkaroon ng pagtitipon sa loob ng Southern Luzon State University sa Lucban, Quezon at Bulacan State University. Sa Visayas, nagkaroon ng *walk-out* sa UP-Tacloban at pagkilos sa University of Eastern Philippines sa Catarman, Samar.

Sa Mindanao, nagkaroon ng pagtitipon sa loob ng kampus ng Ateneo de Davao University, Ateneo de Zamboanga University at Xavier University sa Cagayan de Oro City. AB



SA MADALING SALITA

60 mining permit

na may saklaw na 188,199.45 ektaryang lupa sa Northern Luzon ang ibinigay ng estado sa iba't ibang kumpanya sa mina mula nang isabatas ang mapanirang **Philippine Mining Act of 1995.**

16%

lamang ng kabuuang halagang nahuhuthot mula sa pagmimina ang napupunta sa estado sa anyo ng buwis at *shares.*

25

sa **755 detenidong pulitikal** ay mga unyonista at organisador ng mga manggagawa. Sinampahan sila ng gawa-gawang mga kaso at ipiniit dahil sa kanilang pagtatanggol sa mga karapatan sa paggawa.

Pinagkunan: Free Our Unionist Network

₱29/araw

ang baryang dagdag-sahod na inaprubahan ng *wage board* ng Davao Region noong Pebrero 17, na nagtaas sa minimun na sahod tungong sa ₱505–₱510/araw, wala pa sa kalahati sa ₱1,190 nakabubuhay na sahod sa rehiyon noong Enero.

₱4.42 B

ang ilalagak na puhunan mula sa **Maharlika Investment Fund** sa Makilala Mining Company, isang kumpanyang may mapangwasak na operasyon sa Kalinga.

₱4/kilo

ang presyo ng bilihan ng **kamatis** sa **Nueva Ecija** noong Pebrero na ikinalugi ng mga magsasaka at lalong nagbaon sa kanila sa utang.



100,000

nagrali sa South Korea noong Marso 1 para igiit ang *impeachment* sa presidente ng bansa na si Yoon Seuk Yul at para sa reunipikasyon ng dalawang Korea (North at South). Ang Marso 1 ay paggunita makabayang kilusan ng mamamayang Koreano laban sa okupasyon ng Japan.

50%-60%

ng **diskwento sa pamasahe** ng mga estudyante, *senior citizen* at mga may kapansanan ang ipinababalikat sa mga drayber ng Grab at iba pang katulad na kumpanya sa transportasyon. Malaking kabawasan ito sa maliit nang kita ng mga drayber.

Pinagkunan: Malayang TNVS Movement



Kolektibong pagtutol sa tumataas na matrikula sa kolehiyo

Nagkakaisang tumindig ang maraming konseho ng mag-aaral, mga publikasyon at organisasyon mula sa iba't ibang pribadong kolehiyo at unibersidad laban sa planong pagtataas ng singil sa matrikula at iba pang mga bayarin (Tuition and Other Fees Increase o TOFI) para sa taong 2025-2026. Sa huling tala ng National Union of Students of the Philippines (NUSP), pumalo sa 2% hanggang 10% ang tantos ng mungkahing pagtaas sa singil ng mga unibersidad para sa susunod na akademikong taon.

Taun-taon tuwing Pebrero, tumatanggap ang Commission on Higher Education (CHEd) ng mga petisyon para sa panukalang TOFI. Ang "karapatan" na ito para magtaas ng singil ay alinsunod sa CHEd Memorandum Order No. 03 Series of 2012. Bahagi nito ang pagsasagawa ng "konsultasyon" sa mga estudyante para maipaliwanag ang layunin ng TOFI.

Gayunman, huwad ang mga konsultasyong ito, alinsunod sa karanasan ng mga konseho at estudyante. Sa kaibuturan, ginagamit ang mga ito para isagasa ang TOFI. Sa iba pang mga pagkakataon, tahasang binabalewala ng administrasyon kahit ang itinakdang proseso na ito ng CHEd.

Karaniwang idinadahilan sa pagtataas ng matrikula ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, pagtataas ng sahod ng guro at ibang empleyado at pagpapaunlad ng mga pasilidad at serbisyo. Ayon sa NUSP, gasgas na ang pagdadahilan na ito dahil malinaw na ang pagtataas ng matrikula at ibang singilin ay para sa pagpapalaki ng kita. Sa nakaraan, wala namang nagbago sa mga pasilidad, kalagayan ng mga guro at kawani sa mga unibersidad.

Makatwirang pagtutol

Nasa abereyds na ₱130,000 ang kinakailangan kada taon para makapagpaaral ng isang estudyante sa kolehiyo. Hindi magkakasya kahit igugol dito ang buong taong kinikita (₱120,000) ng karaniwang manggagawang sumasahod ng minimum. May mga tayang umaabot sa ₱2 milyon ang kailangang gastusin para makatapos sa isang 4-taong kurso sa kolehiyo sa mayor na mga unibersidad ng bansa.

2025-2026

IBA PANG MGA ESKWELAHANG NAGTAAS NG MATRIKULA

2% MAPÚA UNIVERSITY

5-6.25%

University of Saint La Salle (Bacolod City)
De La Salle Araneta University
Saint Louis University (Baguio City)

3-4.5%

Centro Escolar University (Makati at Manila)
National Teachers' College
Columban College (Olongapo City)
Philippine Women's University
Ateneo de Naga University
Ateneo de Davao University
Ateneo de Zamboanga
Xavier University-Ateneo de Cagayan

7-10%

Saint Paul University Quezon City, Colegio de San Juan de Letran,
University of the Cordilleras

Sa harap ng higit pang tumataas na presyo ng batayang mga bilihin, makatwirang labanan ng mga estudyante ang dagdag na matrikula. Sa nagdaang mga buwan, naglunsad sila ng mga porum, pulong, rali at iba pang tipo ng aktibidad para ipahayag ang pagtutol dito.

Nagkaroon ng mga pagkilos sa University of the East (5% TOFI), De La Salle University (3%), University of Santo Tomas, Ateneo de Manila University (6%), Adamson University (5%) at iba pang mga unibersidad sa Metro Manila.

Sa Saint Louis University sa Baguio City na unang ipinanukala ang 9% pagtaas, natulak ng pagkilos ng mga estudyante na ibaba ito sa 6.25%. "Isang tagumpay ang pagpapababa sa TOFI, ngunit ang 6.25% ay nananatiling pahirap sa libu-libong bagong [estudyante]. Ipagpapatuloy natin ang laban," ayon sa grupong Walang Iwanan Louisian Network.

Sa Holy Angel University sa Pampanga, nagbabadya ang 3.5% pagtaas. Sa sarbey ng pahayagang The Angelite, tatlo sa bawat apat na estudyante ang hindi sang-ayon sa anumang TOFI para sa susunod na taon, at mahigit 60 porsyento ang may posibilidad na tumigil sa pag-aaral dahil sa TOFI. Pangatlong dagdag singil na ito sa loob ng tatlong taon.

Tuluy-tuloy pa ang konsultasyon ng NUSP sa mga konseho ng mag-aaral ng mga unibersidad na may nagbabadyang pagtataas ng matrikula. Pinalalakas nila ang pagkakaisa ng mga konseho at estudyante sa buong bansa para higit pang patampukin ang laban kontra sa pagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin. Pinapanagot nila ang CHEd at rehimeng Marcos sa pagpabor nito sa pribadong negosyo na higit pang kumita sa kapinsalaan ng mga kabataang Pilipino at kanilang edukasyon. AB

Fact-finding mission sa Mindoro

Pagtindig para sa masang Mindoreño

Matapang na sinagupa ng iba't ibang mga grupo, kabilang ang Karapatan-Southern Tagalog, ang harap-harapang panggigipit at karahasang militar ng 203rd IBde para maisagawa ang isang *fact-finding mission* (FFM) sa isla ng Mindoro noong Pebrero 23 hanggang Marso 1.

Layunin ng tim na alamin ang kalagayan ng masang Mangyan at magsasaka na sinasaklot ng militarisasyon at teroristang paghahari ng militar. Hindi bababa sa 10 batalyong pangkombat ng militar ang nakapakat sa Mindoro para sa kampanyang "kontra-insurhensya." Sa kanilang imbestigasyon, naitala nila ang samutsaring paglabag ng militar sa internasyunal na makataong batas, na nagbibigay-proteksyon sa mga sibilyan sa mga lugar kung saan may armadong sigalot.

Partikular na tinungo ng tim ang bayan ng Pola, Bulalacao at Mansalay sa Oriental Mindoro kung saan naiulat ang serye ng mga paglabag sa karapatang-tao kasunod ng mga engkwentro ng 203rd IBde sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro noong Pebrero. Pagkarating pa lamang ng tim sa isla, nakapataw na ang hindi deklaradong batas militar sa mga barangay.

Sa Pola, hinarang at hindi pinayagan ang tim na makapasok sa tatlong binulabog na mga barangay. Pinalabas ang mga upisyal na nasa maayos na kalagayan ang komunidad. Pero sa panayam sa mga residente, napag-alaman ng tim ang ligalig na idinulot sa mga residente sa isinagawang istraping mula sa ere ng militar matapos ang 3-oras na palitan ng putok. Dahil dito, natulak silang magbakwit. Isang ina at kanyang 3-buwang gulang na sanggol ang labis na natroma.

Matapos ang insidente, pinulong ng militar ang mga upisyal ng barangay para ipatupad ang *lockdown* sa mga komunidad. Nagpataw sila ng *curfew* at pagrerekisa, at pinagbanataang kakasuhan ang sinumang hindi sumunod sa utos.

Ginawang baraks ng mga sundalo ang paaralan sa komunidad at nagtayo ng mga tsekpoynt. May mga magniniyog na iligal na inaresto at inakusahang mga Pulang mandirigma. Napilitan ang mga sundalo na palayain sila matapos mapatunayang mga residente sila sa lugar. Malaki ang nalugi sa mga magkokopras dahil pinagbabawalan o natatakot silang maghanapbuhay. Mataas pa naman sana ang bilihan ng kopras. Maging ang mga *resort* ay pinagbawalang tumanggap ng turista. Samantala, isang linggong walang pasok ang mga eskwelahan sa dalawang barangay.

Reklamo ng mga residente, sa ilang araw na paghihigpit ng mga sundalo ay wala man lamang silang natanggap na anumang kumpensasyon o tulong mula sa estado.

Katulad na sitwasyon rin ang napag-alaman ng tim sa dalawang barangay sa Bulalacao. Kasabay ng pakikipanayam sa mga residente, namahagi sila ng mga polyeto na naglalaman ng kalagayan ng karapatang-tao sa isla ng Mindoro.

Naglunsad ang tim ng Basic Human Rights Orientation sa mga katutubong Mangyan-Hanunuo para ipabatid ang kanilang mga batayang karapatan at maprotektahan ang kanilang sarili sa panahon ng panliligalig ng militar.

Sa Mansalay, kinapanayam ng tim ang mga residente ng isa sa mga apektadong barangay. Bago lisanin ang isla, nagsagawa ang tim ng *candle lighting* at pag-aalay ng panalangin sa isang simbahan sa Calapan.

Sa kasagsagan ng FFM, hinaras at sinaktan ng dawalang tauhan sa paniktik ng militar ang tatlong kalahok ng tim habang nagpapahinga. Hinatak sa braso ang isa habang inambahan naman ang dalawa at nagtangka pang batuhin ng dalawang ahente ang tim. Sa buong panahon, walang lubay ang paniniktik sa kanila ng mga tauhan ng militar.

Sa harap ng mga pagsubok na ito, matagumpay na nakapag-ulat ang FFM sa publiko ng resulta ng kanilang imbestigasyon noong Marso 5 sa Quezon City. Pangako ng tim, babalik sila sa isla ng Mindoro sa susunod pang mga pagkakataon para patuloy na ipagtanggol ang karapatan ng masang Mindoreño.

Sa araw mismo ng kanilang pag-alis noong Marso 1, naiulat ang panibagong serye ng *aerial strafing* at pambobomba ng 203rd IBde sa Mansalay, Oriental Mindoro. Sa ulat ng mga residente, dalawang beses nagpaulan ng bala ang dalawang helikopter na Blackhawk sa tatlong magkakatabing sityo sa Barangay Panaytayan. Nagdulot ito ng panibagong ligalig sa mga sibilyan. Pinabulaanan ng lokal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan na may tinamaang yunit sa lugar ng pinaulanan ng bala. AB

